

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Tuklasin ang mapanlikhang talento ng Brampton sa Culture Calls Weekender mula Agosto 21 hanggang 23!**

BRAMPTON, ON (Agosto 14, 2020) – Ipinipresenta ng Lungsod ng Brampton ang Culture Calls Weekender, isang online event mula Agosto 21 hanggang 23, na nagtatampok ng mga pagganap, mga pag-uusap ng panel at mga workshop kasama ang mga lumilitaw na mapanlikhang talento ng Brampton.

Ang Culture Calls Weekender ay isang digital na karanasan para sa mapanlikhang ekspresyon, pagtutulungan at komunidad. Higit sa 15 lokal na mga artist, kabilang ang mga komedyante, musikero at mga artist ng sinasalitang salita ang lalahok sa tatlong araw na festival sa The Rose Virtual Stage sa Instagram Live @TheRoseBrampton, at sa Zoom.

Kabilang sa mga lokal na artist na lalahok sa festival sina Brandon Ash-Mohammed, Martín Añón, [Maya Killtron](#), [TRP.P](#), [Nicole Chambers](#), [Reeko Rieffe](#), Rachele Brown, R. Flex & Roshanie, Joelle White, Josephine Cruz, Keosha Love, Litney Spearz, [Joyia](#), [Desiree Mckenzie](#), at [Siddartha](#)

Ang Culture Calls Weekender ay isang ekspansyon ng Culture Calls series ng Lungsod ng Brampton, na hino-host ng lokal na DJ at radio host na si Roshanie, para suportahan ang ating mga artist sa ating komunidad sa panahon ng COVID-19. Nilikha ng Brampton artist na si Jasmin Pannu ang artwork para sa festival, na nagtatampok ng classic Brampton landmarks at mga tanawin tulad ng Garden Square, ng 410 sign at Sonny's.

I-click dito para sa kumpletong iskedyul ng mga event

### **Mga Quote**

“Ang Culture Calls ay naging isang malaking tagumpay sa mga mapanlikhang komunidad ng Brampton sa buong COVID-19 pandemic, at nasasabik ako sa mas marami pang mga lokal na artist na magsasama-sama at pasiglahin ang Brampton sa Culture Calls Weekender. Naghahanap ka man ng magandang musika o ilang aliw ng komedyang hinihikayat ko ang lahat na dumalo nitong online event via Instagram Live at Zoom nitong weekend.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Culture Calls Weekender ay isang mahalaga at kapana-panabik na event para sa mapanlikhang komunidad ng Brampton, lalo na nitong mahirap na panahon. Nag-i-evolve ang eksena sa sining at kultura ng Brampton, at ito ay isang magandang pagkakataon na pagsasama-samahin ang komunidad para suportahan at palakasin ang isa't isa. Tiyakin na markahan ang mga petsa at mga event sa inyong kalendaryo.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura*

“Inaasam natin ang pagho-host ng Culture Calls Weekender sa The Rose Virtual Stage. Ang pakikipagtulungan kasama ang ating mga teammate sa Lungsod sa Kultura, at lokal na mga curator, ay palaging karangalan at kasiyahan para sa amin sa Performing Arts; at ito ang pinakamadaling paraan na alam namin na lilikha ng mas mahalaga, nagpapalahok na Brampton para sa lahat ng mamamayan nito.”

- *Steven Schipper, Executive Artistic Director, Performing Arts, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay puno ng talento, at ang Culture Calls Weekender ay bunga ng sipag ng ating staff sa Cultural Services sa pagpapasama-sama ng mga talento. Ang Culture Calls Weekender ay isang maliwanag na ilaw para sa ating komunidad ng sining at kultura nitong mahirap na panahon.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)